

## SALIK NA NAKAAPEKTO SA ANTAS NG PAG-UNAWA SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NA NASA ANTAS NG FRUSTRATION

Analyn D. Makig-angay<sup>1</sup>, Jovelyn R. Apolinario<sup>2</sup>, Analyn D. Saavedra<sup>3</sup>,  
Juvel S. Quirante<sup>4</sup>

<sup>1,2</sup> (Master of Arts in Education Major in Language Teaching (Filipino), College of Teacher Education,  
Western Mindanao State University)

<sup>3</sup>(Western Mindanao State University, Zamboanga City, Philippines)

<sup>4</sup>(Master of Arts in Science Education, College of Science and Mathematics, Western Mindanao State University)

**ABSTRACT:** One of the most essential of the five macro skills that students must learn is reading. This skill will help guide students to deeply understand things from simple to complex, which they can apply in real-life situations. Therefore, this study aims to know the comprehension level of frustrated readers and discover the factors affecting their comprehension level among Grade 7 students. This study used a mixed-methods approach through Concurrent Research Analysis design and total enumeration sampling in selecting the participants. The participants were 21 students in grade 7 who garnered a 0-6 score from the post-test and were considered frustrated readers. According to the results of the study, students who were labeled as frustrated readers did not have the necessary skills or capacities to comprehend the material they were reading at all levels of difficulty. Furthermore, there are factors affecting the comprehension level of frustrated readers, with a grand mean of 2.80, which is moderately affecting; it involves time spent in reading, vocabulary familiarity, physical environment, and interest in reading. In addition, there were issues that hampered reading comprehension, including absences, parents' ability to support their children's needs, responsibility at a young age, and time spent on mobile phones. Moreover, the researchers reached a conclusion and made recommendations for further research.

**KEY WORDS:** Factor, Level of Comprehension, Reading, Frustration, Phil-IRI

### I. PANIMULA

Ang pagbasa ang nagpapabusog sa gutom na isipan ng isang tao, ang katagang ito ay may kaugnayan sa pagpapakahulugan na binanggit ni (Valentine, 2000) at sa maraming pagkakataon napatunayan nating marami sa mga magtatagumpay ang mahilig magbasa. Sa pag-aaral nina Clark at Karp (1960) napatunayan na ang mga batang nagbabasa ay nagkakaroon ng mas maraming pakinabang kaysa sa di palabasa. Tumatalino ang tao sa pagbabasa. Ang binanggit sa pag-aaral, ang panay na pagbabasa ay isang kasanayan na nagsilbing libangan na naging susi sa kaligayahan. Sa katunayan ang mga aklat ay napakagandang mapagkukunan ng kaalaman at ito ay isang kaagapay ng mga mahilig magbasa. Nililinaang nito ang tiwala sa sarili. Ito ay naghahatid ng kalinawan sa mambabasa at magbibigay ng higit na kaalaman at impormasyon sa kanila (Arvind at Harshini, 2021).

Ang kasanayan sa pag-unawa ng binabasa ay mayroong malaking papel na ginagampanan upang maging makabuluhan at mayroong katuturan ang alinmang binabasa na maituturing bilang kasangkapan sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Subalit isa pa rin itong malaking hamon sa kasalukuyan dahil marami pa rin ang nangangapa at nahihirapan sa pag-unawa kahit nasa antas ng sekundarya. Ito'y binibigyang diin sa pag-aaral nina (Quintino at Abagon, 2023) marami pa ring mag-aaral ang nawawalan ng interes sa pagbabasa at pag-aaral ng teksto dahil sa mababang kasanayan ng pang-unawa. Tulad ng nabanggitsapag-aaralni Saavedra (2020), ang mga mag-aaral ay naitalangmayroongmababangantas ng pang-unawasapagbasa o Frustration gamit ang Phil-IRI. Sa paglalayon at pagnanasang matugunan ang suliraning ito, ang Kagawaran ng Edukasyon ay nanatiling tapat sa adbokasyang magkaroon ng "quality education". Kaugnay nito ang DEPED ay naglunsad ng panukala o memo no. 001 s. 2024 blg. 2 na nagsasaad ukol sa kasalukuyang "initiatives" ng kagawaran ay makapagbibigay ng pagkakataon upang malinang ang akademikong kasanayan ng mga mag-aaral, lalo na sa mababang antas ng pagbasa batay sa Internasyonal Pambansang "large scale" na pagtatasa. Ang pagtatasang ito

ay nagbunga ng agarang atensiyon upang matugunan ang mga kakulangan sa pagkatuto at patibayin ang kasanayan ng bawat isa sa pagbasa.

### PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pananaliksik ay naglalayon na matukoy at alamin ang mga sumusunod;

1. Ano ang antas ng pag-unawa sa mga tanong ng mga Frustration Readers?
  - a. Literal
  - b. Hinuha
  - c. Pagsusuri
2. Ano ang mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa pagbabasa ng mga frustration readers ayon sa:
  - a. Oras na inilaalaan sa pagsusulit
  - b. Pagkilala sa mga salita
  - c. Pisikal na paligid
  - d. Interes sa pagbabasa
3. Mayroon bang makabuluhang epekto ang mga salik sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral?
4. Ano pang ibang salik na nakapagdudulot sa mga nakakuha ng mababang antas na mga tanong mula sa mga nasa antas ng frustration?

## II. SAKLAW AT DELIMITASYON

Saklaw ng pag-aaral na ito na alamin at tukuyin ang mga salik na nakakaapekto sa antas ng pag-unawa ng instructional readers. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral ng baitang pito (7) sa isangsekondaryangpaaralansa Lungsod Zamboanga. Sinasaklaw nito ang mga mag-aaral na makakakuha ng puntos mula 6 pababa na nabibilang sa Frustration Readers matapos isagawa ang Panapos na pagtatasa (Post Test). Gagamitin ng mga mananaliksik ang *Total Enumeration* kung saan lahat ng nabibilang sa Frustration Readers ay ang lalahok sa nasabing pag-aaral. Ang instrumentong gagamitin sa Panapos na Pagtatasa (Post Test) ay mula sa Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) taong 2018 bilang isang kasangkapang gagamitin sa silid-aralan upang sukatin at ilarawan kasanayang at ang ikalawang instrumento ay ang Survey Questionnaire na tutukoy at magpapatunay sa iba't ibang salik na makakaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa (literal, paghinuha, at pagsusuri) ng mga mag-aaral.

### KaugnaynaLiteratura

#### Kahulugan ng Pagbasa

Ang pagbasa ay mahalaga sa buhay ng isang tao, lalo na sa isang bata dahil ito ay nagsisilbing susi sa karunungan at nagbubukas ng panibagong kaisipan, kasiyahan, at upang masilayan ang mundo (Nedira, 2019). Bukod dito, ang pagbasa ay isang aktibong proseso kung saan ang mga mambabasa ay nakikipag-ugnayan mula sa teksto ng may-akda upang makabuo ng panibagong kahulugan batay sa sariling karanasan (Alcantara et al., 2011). Bilang karagdagan, ayon kay Fosudo (2015) ang kahinaan sa kasanayan sa pagbasa ay mayroong epekto sa pagkakaroon ng katangiang nagpapakita ng kahinaan tungo sa paaralan at maaaring maging sanhi sa kawalan ng tiwala sa sarili sa hinaharap.

Sa kasalukuyan, isa sa pangunahing tungkulin ng mga guro ng wika ang pahasayin ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral (Sanchez, 2017). Ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas ay ginagamit bilang isang instrumento upang isulong ang kamalayan at kasanayan sa mga kabataang Pilipino. Dito nahahasa ang pagiging bukod-tangi ng mga mag-aaral (School, 2014). Nagkaroon ng mga pagbabago sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Itinatag ng gobyerno ang K-12 program sa ilalim ng Department of Education. Ang pangkalahatang layunin ng Kurikulum sa programang ito ay itaguyod ang pagkakaroon ng kompletong wikang Filipino na may kapaki-pakinabang na kasanayan sa pagbasa at pagsulat. Kaugnay nito, ang layunin ng edukasyon sa wikang Filipino ay turuan ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at kasanayan sa pagbabasa upang makamit ang tuloy-tuloy na pagkatuto upang makasabay sa pag-unlad ng pambansang pagkakilanlan, kakayahan sa kultura, at mabilis na pagbabago. Bukod pa rito, ang pamantayan sa ikapitong baitang ay nagsasaad na ang mga mag-aaral ay dapat na maipamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan mula sa Luzon, Visayas, at Mindanao. (K-12 Curriculum Guide, 2016).

### Pag-unawa sa Binasa

Ang pag-unawa sa pagbasa ay isang masalimuot na proseso na kinabibilangan ng mga bahagi, proseso, at mga salik na may layuning makahanap ng mas mahusay na mga paraan ng upang ito ay palinangin at paunlarin para sa mga mag-aaral. Dagdag niya, na ang pag-unawa sa pagbasa ay isang interaktibong proseso sa paghahanap ng mga kahulugan mula sa isang teksto (Meniado, 2016; Rumelhart, at McClelland, 1981). Sinuportahan ito nina Hermosa (2002) at Meniado (2016) sinabing ang pag-unawa sa pagbasa ay mga bahagi ng mga gawaing pangkaalaman na kinabibilangan ng maraming dimensyon tulad ng pag-unawa sa mga salita at mga kahulugan nito, maingat na reaksiyon, at pagsasanib. Sinabi ni Koda (2007) na mayroong iba't ibang mga

variable na nakaapekto sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang ilan sa mga *variable* na ito ay may kinalaman sa kaalaman sa bokabularyo, dating kaalaman, metakognitiv na impormasyon, at mga estratehiya sa pagbabasa. Ipinahayag ni Trehearne at Doctorow (2005) na may iba pang salik na nakaapekto sa kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mga salik na ito ay gawi ng mga mag-aaral tungo pagbabasa, angkop na pagtuturo sa mga pamamaraan, maalam, anyo ng teksto, at pagkakaroon ng kamalayan sa iba't ibang estratehiya sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa ng pagbasa. Binigyang pagpapakahulugan nina Pressley (2000) at Birsch (2011) ang pag-unawa sa pagbasa bilang kakayahang makakuha ng kahulugan mula sa binasa. Ang pag-unawa sa pagbasa ay nangangailangan ng iba't ibang kasanayan sa pagbasa tulad ng pagkilala ng salita, katatasan, kaalamang leksikal, at mga natutuhan na kaalamang na agarang ipagsanib upang makuha ng mambabasa ang isang teksto. Ayon kay Block (2004) ang pagbasa na may ay isang masalimuot na proseso kung saan ang mga mambabasa ay mayroong mahalagang tungkulin sa pagbuo ng kahulugan mula sa teksto sa pamamagitan ng paggamit ng mga natutuhang kasanayang. Binanggit rin ni Tompkins (2011) na ang kasanayan sa pag-unawa ng pagbasa ay isang antas na maunawaan ang isang teksto. Ang pag-aaral ni Juarez (2014) ay nagsasaad na mababa ang pag-unawa sa pagbasa kapag ang mga bata ay walang kakayahan sa pagbabasa, tulad ng kaalaman, interes at motibasyon, kapaligiran, at mga estratehiya sa pagkatuto. Kaya naman, kailangang maituro ng mga guro ang magagandang estratehiya sa pagbasa sa kanilang mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na hindi interesado sa pagbabasa o hindi palabasa ay maaaring magtataka kung paano nila maihahatid ang kanilang mga impresyon sa teksto kung hindi nila ito lubos na nauunawaan, at kung paano nila mapapahusay ang kanilang mga kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa tulad ng pag-unawa sa pagbasa, interpretasyon, at bokabularyo.

Ito ay naaayon sa mga natuklasan ng isang pag-aaral na isinagawa ni Baler (2018). Ang mga mag-aaral na mahilig magbasa ay mas malamang na makasagot at makapasa sa mga pagsusulit na itinakda ng kanilang mga guro kaysa sa mga hindi dahil sa kanilang mga kasanayan sa pagbabasa, at kaalaman. Magiging malawak ang kanilang karunungan at karanasan. Ayon kay Condez (2017), ang pag-unawa ay "ang proseso ng pagbuo ng kahulugan sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga komplikadong proseso, kabilang ang pagbabasa ng mga salita at pag-alam tungkol sa mundo. Ito ay upang maunawaan ang kahulugan at ugnayan ng sinabi niya na ang mga guro ay nangangailangan ng tatlong hakbang na diskarte sa pagtuturo ng pagbabasa: pagbanggit, pagsasanay, at ebalwasyon.

### Antas ng Pag-unawa

Batay sa *The Philippine Informal Reading Inventory* (Phil-IRI), ang komprehensiyon ay ang pag-unawa sa kanyang binabasa at napakinggan. Ang antas ng pag-unawa ay nahahati sa tatlong bahagi ng katanungan; Una ay (1) Literal – ito ay tanong na kung saan ang sagot ay nakikita lamang mula sa teksto. Ikalawa (2) Inferential/Paghihinuha- ito ay mga tanong na kung saan ang mga sagot ay hindi agarang mula sa teksto at nangangailangan ng pag-unawa at ugnayan nito sa binabasang teksto. Panghuli (3) Kritikal/Pagsusuri-ang katanungan ay may pag-aanalisa at pagpapasiya sa binabasang teksto.

Dapat matamo ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na antas ng pag-unawa; Unang antas ng pag-unawa (*Literal - Reading the lines*), na kung saan nakaalala ng mga impormasyon na sumusuporta sa pangunahing ideya. Ang pangalawang antas ng pag-unawa (*Interpretative- Reading between the lines*) Dito ay inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa binasa. Dito ipinakita ang paghihinuha ng may-akda na gumawa ng sariling interpretasyon, sariling opinyon at ihambing ang iniisip ng may-akda sa mga mambabasa. Ang pangatlong antas ng pag-unawa (*Applied – Reading beyond the lines*) ay nasasangkot sa kritikal at malikhaing pagbabasa. Dito hinuhulaan ng mga mambabasa kung ano ang mangyayari, may sariling pagpapasya sa mga kongklusyon mula sa kanilang nabasa, gumawa ng paglalagom, rekomendasyon, mungkahi, desisyon, at maaring palawakin ang kanilang mga ideya. Ito ay nabanggit sa pag-aaral nina Palma at Tubo (2019) na may paksang “*Komprehensyon sa mga Piling Akdang Panitikan at Akademik Perormans ng mga Mag-aaral*”.

### Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI)

Ayon kay Weaver (2014), ang kaalaman sa pagbasa at pagsulat ay isa sa pinakapangunahing kasanayang matututuhan ng isang bata. Ang pagbasa ay isang pangunahing pundasyon sa lahat ng pang-akademikong pag-aaral. Ang matutong magbasa, magsulat at magbilang ay mahalaga sa tagumpay na matatamo ng isang bata sa paaralan at sa hinaharap na buhay. Ang paglinang sa kasanayang literasi ay isa sa pangunahing pinagtutuunan ng Kagawaran ng Edukasyon. Ito ay nakaangkla sa programa ng kagawaran: “Every Child A Reader Program”, na naglalayong maging mahusay na mambaba at manunulat ang bawat pilipinong mag-aaral sa kaniyang kinabibilangang baitang.

Ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) bilang isang kasangkapang gagamitin sa silid aralan upang sukatin at ilarawan ang kasanayan ng mag-aaral sa pagbasa. Ang impormasyong nakalap mula sa pagtatasa ay maaaring makatulong sa mga guro sa silid-aralan na magdisenyo at magbigay ng angkop na pagtuturo sa pagabsa para sa mga mag-aaral. Itong

diagnostic na pagdulog na naglalarawan sa kasanayan ng mag-aaral sa pagbabasa ay sumasaklaw sa mga prinsipyong nararapat na ipamalas sa edukasyon na dapat maging isang mag-aaral na may kakayahang tumugon nang mabilis at maging sensitibo sa kultura.

Sa antas ng paaralan, ang impormasyon mula sa pagtatasa ng Phil-IRI ay maaaring makatulong sa mga punongguro upang magplano ng isang angkop na pampaaralang programa o gawain tungkol sa pagbasa upang mapabuti ang resulta sa kaunlaran ng pagkatuto ng mga mag-aaral. **Informal Reading Inventories (IRI)** ay binalangkas upang magbigay ng malawakang pananaw sa bawat mag-aaral sa kanilang antas ng pagbasa na may kaugnayan sa partikular na teksto na maging daan upang makapagplano nang maayos ang mga guro na gawing tiyak ang pagtuturo na angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral (Rutledge, 1998). Ang naging batayan sa pagtatansiya ng mga haka-haka sa kakayahan ng mga mag-aaral sa literasi ay maipakita lamang sa kaniyang kasalukuyang kakayahan sa mga gawain na may kinalaman sa pagbasa at pagsulat. Ito ay taliwas sa mga pormal na pagtatasa sa pagbasa na nasa anyong naka-standardized na madalas isinasagawa sa paglalayon nitong paghambing ang antas ng kahusayan ng mag-aaral sa iba (Weaver, 2014).

### **Frustration Readers**

Ang antas ng pagbasa ay tumutukoy sa antas ng mambabasa na may pag-unawa sa kanyang binabasa ayon sa panggradong lebel ng teksto na kung saan maaaring mapapabilang ang mag-aaral batay sa tatlong antas (a) Independent Reading Level na kung saan sila ay nakakabasa nang walang katuwang at may malawak na pang-unawa sa teksto, (b) instructional reading level naman ay mga mag-aaral na nakauunawa ng kanilang binabasa sa tuwirang gabay ng guro, (c) frustration reading level ay mga mag-aaral na lubos nahihirapang kilalanin ang mga salitang nakapaloob sa teksto at hindi natutugunan ayon sa inaasahang layunin (Flipo, 2014).

Ang Phil-IRI bilang kagamitan sa pagtuturo ng pagbasa na kung saan isinasagawa ang panapos na pagtatasa o Post-Test kung saan ang mag-aaral na may puntos 14-pataas ay napabilang sa **Independent Learner**, samantala ang mga mag-aaral na mayroong puntos 7-13 ay nabibilang sa **Instructional Learner** at ang mga mag-aaral na may puntos 6 pababa ay napabilang sa **Frustration**.


### **Salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa**

Nabanggit sa pag-aaral na may paksang *“The Effect of Time Constraint on Student Reading Comprehension Test Performance In Narrative Text”* na mayroong apat na makrong kasanayan sa pakikinig, pagbasa, pagsasalita at pagsulat (Harmer, 2007). Ang bawat kasanayan ay napakahalaga lalo na sa pagbasa dahil natatanggap nito ang lahat ng impormasyon. (Wibowo, et al., 2020; Rahmawati, 2018).

Samantala, ang kasanayan sa pag-unawa ng binabasa ay kakayahan ng isang mambabasa upang maisalaysay ang nilalaman ng pinangangatwiran o binabasang inilalarawan ng isang partikular na paksa. Bukod dito, ang kasanayan sa pagbasa ay tumutukoy sa kakayahang umunawa ng isang mambabasa mula sa isang teksto. (Razak, 2009; Mulyati, et al, 2007). Ang ilang mga salik na naging sanhi ng mga mag-aaral ay nahaharap sa kahirapan sa pag-unawa sa teksto, kakulangan sa bokabularyo, may kahinaan pag-unawa sa gramatika, kulang ang sanligan ng kaalaman. (Haerazi & Irawan, 2020; Notion, 2009).

Nabanggit sa pag-aaral ni De Juan (2013) na isa sa mga suliranin sa pagtuturo ng Filipino ay ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga akda at hindi lahat ng mga guro ay mulat sa mga pagbabagong nagaganap sa paligid na makasunod sa makabagong teknik at estilo sa pagtuturo kung paano magbasa nang may kasanayan.

Sa pag-aaral nina Saavedra at Karanain (2022), ang kanilang kasarian at unangwika ay hindimgasaliksapagkakaroon nila mababang antas ng pang-unawasapagbasa, gayunpaman, ang paggamit ng Mother Tongue mulaunahang ang katlong baitang at transisyonsawikang Ingles at Filipino ay maaaring saliksapang kanilang pang-unawa.



### Ang Konseptuwal na Paradaym ng Pag-aaral

Inilahad sa konseptuwal na balangkas ng pag-aaral na sumasaklaw sa mga mag-aaral na kabilang sa antas ng frustration matapos maisagawa ang panapos na pagtatasa. Inilahad din sa modelong ito na ang mga nasa antas ng frustration ay mabibilang sa tatlong antas (literal, paghinuha at pagsusuri). Ipinapakita rin dito na maaaring makaapekto ang iba't ibang salik tulad ng oras, pagkilala sa mga salita, pisikal na paligid at interes sa pagbabasa sa resulta sa antas ng pag-unawa sa pagbasa (literal, paghinuha, at pagsusuri) ng mga kalahok na kabilang sa frustration. Sa kabilang banda, nakatutok ang dalawang (arrow) mula sa Antas ng Pag-unawa (literal, Paghinuha, Kritikal) at ang Mga salik na nakaaapekto sa ang antas ng Pag-unawa patungo sa Frustration dahil naniniwala ang mananaliskik na may kinalaman ang aspetong ito sa resultang natamo ng mga nasa antas ng Frustration.

### Teoretikal na Balangkas (Theoretical Framework)

Ang mga sumusunod na teorya tungkol sa Antas ng pag-unawa sa pagbasa at salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa ay makatutulong sap ag-unawa sa isinasagawang pananaliksik. Nabanggit sa teoryang Kognitib ni Piaget (1976), pinaniniwalaan ng teoryang ito na ang bata ay nakapagbibigay ng interpretasyon sa konseptong nakalantad mula sa kaniyang kapaligiran na maging daan sa pagtuklas ng interes at kakayahan. Pinapaniwalaan ni Piaget na habang tumatanda ang mga tao, nakakakuha sila ng bagong kaalaman at kasanayan. Ang teoryang ito ay tumatalakay din sa paggamit ng mga kakayahan sa pag-iisip ng tao sa pag-aaral. Binibigyang-diin ng teoryang ito na ang mga mag-aaral ay may kalayaang matuto sa tulong at gabay ng mga nakatatanda at sa huli ay nakakukuha ng bagong kaalaman para sa indibidwal na pag-aaral.

Nabanggit din sa teoryang constructivism ni Bruner (1966) na kung saan ito ay sumasaklaw sa mga bagong kaalaman masasaksihan ng isang tao at may kakayahan itong mag-organisa at bumuo ng kahulugan o pag-unawa mula sa bagong kaalaman. Iminumungkahi sa teorya ni Vygotsky (yyyy) na ang mga mag-aaral ay natututo sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga bagong kaalaman sa dating kaalaman. Kaya binibigyang-diin ng teoryang ito na kailangan maipakita o maturo ng mga guro sa mga mag-aaral ang kaugnayan ng binabasang teksto mula sa kaalamang mayroon ang isang bata. Ayon sa Pag-aaral ni Amadi (2019) tungkol sa Teoryang Bottom-Up ang pagbasa ay nagsisimula sa pagkilala ng nakasulat na mga simbolo upang maibigay ang katumbas na tunog. Ang proseso sa pagkatuto ng teoryang ito ay nagsisimula sa pagkilala sa mga titik, salita, parirala, at pangungusap bago malaman ang kahulugan ng teksto. Isinasaad nito na ang pagbasa ay pagkilala ng mga salita, at ang teksto ang pinakamahalaga sa pagbasa. Ang mambabasa ay isang pasib na partisipant lamang sa proseso ng pagbasa dahil ang tanging tungkulin niya ay ulitin ang lahat ng mga detalyeng nakasaad sa tekstong kanyang binasa. Binibigyang-diin nina Reutzel and Cooter (2005) ang tungkol sa teoryang bottom-up kung saan naniniwala ang mga guro na ipinaliwanag nang lubusan sa teoryang ito na ang mga batang natutong magbasa ay tinuturuan muna ng mga *sub-skills* bago matuto ng iba pang kasanayan sa pagbasa. Ang kanilang pagtuturo sa pagbasa ay nagsisimula sa pagpapakilala ng mga titik, tunog, bigkas at iugnay ang nabuong kahulugan sa isang salita upang maunawaan ang teksto.

## III. METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isang Mixed Method na disensyo ng pag-aaral sa pamamagitan ng sabayang pag-aanalisa (Concurrent Research Analysis) bilang pangunahing pagtrato na tumugon at sumukat sa mga layunin mula sa resulta ng Phil-IRI at tugon ng mga kalahok sa sarbey questionnaire. Ayon kanila Kroll At Neri (2009) ang mixed methods na disenyo sa pag-aaral ay isang disenyong nangangalap ng kwantitatibo at kwalitatibong datos sa magkaparehong oras at mga kalahok. Sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng angkop

na mga estadistika upang matukoy ang salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa antas ng *frustration*.

Ang pag-aaral ay sumailalim sa mga sumusunod na pamamaraan: (1) konseptwalisasyon ng layunin at pagbuo ng palagay, (2) Pagpapatunay ng Instrumento ng Pananaliksik, (3) Pagtamo ng Ethics Clearance, (4) Pangangalap ng Datos, (5) Pagsusuri ng Datos, at (6) Pagsusuri at Pagpapakahulugan ng Datos.

Sa pag-aaral na ito, gagamit ng *total enumeration* sa pagkuha ng kalahok. Lahat ng mga mag-aaral sa baitang pito ay bibigyan ng panapos na pagtatasa upang mapangkat ayon sa kanilang antas na kinabibilangan. Lahat ng mga mag-aaral na makakakuha ng anim (6) na puntos pababa ay napabilang sa antas ng *frustration* at sila ang magiging kalahok sa isasagawang sarbey. Ang mga kalahok ng pag-aaral ay bubuoin ng mga mag-aaral sa baitang pito mula sa Mataas na Paaralan ng Limpapa. Ang mga mag-aaral mula sa baitang pito na makakakuha ng anim (6) na puntos pababa ay mapabilang sa antas na *frustration* na siyang magiging kalahok sa pag-aaral.

### Instrumento ng Pag-aaral

Ang mga mananaliksik ay gagamit ng dalawang instrumento sa pag-aaral, ang Phil-IRI at sarbey questionnaire. Una ay ang Phil-IRI na ibibigay sa mga mag-aaral upang matasa ang antas ng pag-unawa sa pagbasa. Ito rin ang magiging batayan sa pagpapangkat sa mga mag-aaral ayon sa kanilang kasanayan sa pagbasa (*independent, instructional, at frustration*). Ang naturang instrumento rin ang gagamitin upang pagkunan ng datos na gagamitin upang matukoy ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na mapapangkat sa *frustration* kung sila ba ay nasa (*literal, hinuha, at kritikal*). Pagkatapos mapangkat ang mga mag-aaral ayon sa antas ng kanilang kasanayan sa pagbasa, lahat ng mga mag-aaral na mapabilang sa antas na *frustration* ang magiging kalahok na tutugon sa inihandang sarbey questionnaire na tutukoy at magpapatunay sa iba't ibang salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa (*literal, paghinuha, at kritikal*) ng mga mag-aaral. Ang ginamit na instrumento sa pag-aaral ay Phil-IRI at sarbey questionnaire. Upang matiyak na ang sarbey questionnaire sa pag-aaral na ito ay tutugma sa mga datos at pamantayan na may pinagsasaligang interpretasyon at pagsusuri, ito ay iniharap sa panel ng mga dalubhasa at sa tagapayo para sa isang pagpapatunay ng nilalaman. Ito ay siniyasat at sinuri ng mga dalubhasa sa wikang Filipino (*nag-mamaster ng Filipino, Teacher III at Doktorado sa akademikong pag-aaral*).

### PRESENTASYON NG RESULTA, ANALISIS at INTERPRETASYON NG DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng resulta, analisis, at interpretasyon ng mga datos na nakabatay sa suliranin ng pag-aaral.

#### Suliranin 1. Ano ang antas ng pag-unawa sa mga tanong ng mga nasa “*frustration*” ?

##### Talahanayan 1 Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa

Antas ng Pagbabasa	Mean Percentage Score	Deskripsyon
Literal	45.16%	Kinakailangan ng Pagpapaunlad ng kasanayan
Hinuha	28.40%	Kinakailangan ng Pagpapaunlad ng kasanayan
Pagsusuri	15.25%	Kinakailangan ng Pagpapaunlad ng kasanayan
<b>GRAND MEAN</b>	31.73%	Kinakailangan ng Pagpapaunlad ng kasanayan

**Legend:** 0-74 = Kinakailangan ng Pagpapaunlad ng kasanayan; 75-79 = Katamtamang kahusayan; 80-84 = May kahusayan; 85-89 = Mahusay; 90-100 = Napakahusay

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng resulta kaugnay sa pagsukat ng antas ng pag-unawa sa pagbasa. Matutunghayan sa *grand mean* ang mean percentage score na 31.73% at ito ay lumilitaw na “Kinakailangan ng Pagpapaunlad ng kasanayan”. Ito ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral na nasa *frustration* ay may kahirapan sa lahat ng antas sa pag-unawa ng mga tanong sa pagbasa gaya ng *literal, hinuha, at pagsusuri* kung saan mas nangangailangan ng agarang solusyon upang matugunan ang kakulangan sa kakayahan sa pagbabasa.

Mula sa mga antas ng pag-unawa sa pagbasa, ang “literal” na antas ng pagbasa ang may pinakamataas na nakuhang mean percentage score na 45.16% at lumalabas na ito ay “kinakailangan ng pagpapaunlad ng kasanayan”. Subalit, hindi naabot ang inaasahang mean percentage score na 75.00% o “katamtamang kahusayan”. Ipinapakita nito na ang mga frustrated readers ay hirap sa pag-unawa sa pagbasa ng literal mula sa mga tekstong kanilang binabasa. Gayunpaman, ang kanilang natamong mean percentage score ay hindi naabot ang inaasahang mean percentage score at lumilitaw na ang mga “*frustrated readers*” ay hindi sapat ang kakayahan sa pagbabasa ng literal. Ito ay bunga ng hindi nabigyang pansin o natutukan ang mga frustrated readers ng dahil sa pandemya sa mga nagdaang taon, at nawalan ng pagkakataon ang mga frustration na mapaunlad ang kakayahan sa kasanayang pagbasa. Pangalawa, hindi sapat ang kakayahan ng mga magulang na bigyang pansin ang kanilang mga anak dahil sa pang araw-araw na paghahanap buhay. Kakikitaan rin na ang mga magulang na may limitadong kakayahan na gabayan ang mga anak sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa. Kalakip nito, naipaliwanag din ni Cabigao (2014) ang pakikipag-ugnayan at pakikilahok ng mga magulang sa pag-aaral ng kanilang mga anak ay napakahalaga. Isa rin itong mabisang estratehiya upang patuloy na mahikayat at magabay ang mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ng mga asignatura sa paaralan.

Kaugnay rito, ang “pagsusuri” ay nakakuha ng mean percentage score na 15.21% at ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nasa antas ng “Kinakailangan ng Pagpapaunlad ng kasanayan” at hindi pa rin naabot ang inaasahang mean percentage score na 75.00% o katamtamang kahusayan. Ito ay nangangahulugan na ang mga “*frustrated readers*” ay hirap na masuri ang teksto batay sa kanilang binabasa. Gayunpaman, ang kanilang natamong antas ng kakayahan sa pagsuri ay hindi sapat upang sila ay maging kompetent sa antas ng pagbasa. Ito ay nagdulot ng limitadong interes ng mga frustrated readers na sumuri sa kanilang binabasa. Sa kadahilanang ito, ang mga mag-aaral na nasa “*frustration*” ay hindi nabibigyang pagpapahalaga at pag-unawa sa nilalaman ng tekstong binabasa. Nan’dahil sa limitadong interes sa pagbabasa, nagmitya rin ito ng limitadong kasanayan at kakayahan ng mga frustrated readers na umunawa ng teksto sa ganitong antas. Dahil dito, nabanggit rin nina Putri Maharani, Putu Arsana, at Putu Dian Sawitri (2015) na ang personal na interes ay lubhang kinakailangan ng mga mag-aaral dahil ito ay nagpapa-enganyo sa mga mag-aaral na tahakin ang larangan ng pagbabasa. Sa kabuoan, ang mga frustrated readers ay masasabing hindi sapat ang kanilang kasanayan at kakayahan upang maunawaan ang kanilang binabasa sa lahat ng antas.

## Suliranin 2. Ano ang mga salik na nakaapekto sa pag-unawa sa pagbabasa ng mga frustrated readers?

### Talahanayan 2 Oras na Inilaan sa Pagsusulit bilang Salik sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga nasa Frustration

Pahayag	Mean	Paglalarawan
May sapat na oras sa pagbabasa at pagsagot ng pagtatasa	3.33	Katamtamang nakaapekto
Minamadali ang pagsagot sa bawat katanungan	2.42	Hindi Gaano Nakaapekto
Nagmamadali sa pagsagot kaya’t may natitira pang oras	2.57	Katamtamang Nakaapekto
Binasa nang paulit-ulit ang teksto dahil mayroon pang sapat na oras	3.19	Katamtamang Nakaapekto
Natapos ang pagtatasa sa takdang oras	2.61	Katamtamang Nakaapekto
<b>GRAND TOTAL</b>	2.82	<b>Katamtamang Nakaapekto</b>

**Legend:** 1.00-1.75=Hindi Nakaapekto; 1.76-2.50=Hindi Gaanong Nakaapekto; 2.51-3.25= Katamtamang Nakaapekto; 3.26-4.00=Lubhang Nakaapekto

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng resulta kaugnay sa oras na inilaan sa pagsusulit bilang salik sa pag-unawa sa pagbasa ng mga frustrated readers. Natunghayan sa grand total na may *meanscore* na 2.82 at ito ay lumilitaw na “katamtamang nakaapekto” ang oras na inilaan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga nasa frustration habang sila ay kumukuha ng pagsusulit. Ito ay Nangangahulugan na ang mga frustrated readers ay nangangailangan ng sapat na oras sa pagbasa at pag-unawa sa kanilang binabasa.

Sa pahayag na “may sapat na oras sa pagbabasa at pagsagot ng pagtatasa” kung saan makikita na ito ay nakakuha nang mataas na mean score na 3.33 at lumabas na ito ay “katamtamang nakaapekto”. Ito ay nangangahulugan na may epekto ang pagkakaroon ng sapat na oras sa pagbabasa ng mga frustrated readers

upang ito ay kanilang maunawaan nang mabuti. Ang pagkakaroon ng mahaba o sapat na oras sa kanilang binabasa ay may mabuting epekto sa mga mambabasa ito ay nakatutulong upang maunawaan ang binabasa.

Ayon kay Tam (2014) ang mag-aaral na mayroong sapat na oras ay nakakasumite nang mas maaga at nasa 5% bahagdan na mataas kaysa sa mga mag-aaral na humigit sa inilaang oras sa pagsagot ng pagtatasa. Ito ay taliwas sa binangit ni Mitchell (2013) ang mag-aaral na naunang natapos sa pagsagot ng pagtatasa ay madalas na nakakalimutan ang ilang mga mahahalagang kaisipan ng pagtatasa at nagdulot ng mas mababang nakuhang puntos. Gayunpaman, kinakailangan ang “time management” sa pagsagot ng pagtatasa mula sa nakalaang oras upang higit na may pag-unawa sa binabasa at mapabuti rin ang puntos.

Kaugnay nito ang pahayag na “minamadali ang pagsagot sa bawat katanungan” makikita naman na nakakuha ng mababa na mean score na 2.42 at lumalabas na ito ay “hindi gaano nakaaapekto”. Ito ay nangangahulugan na walang epekto ang pagmamadali sa pagsagot ng mga katanungan at sa kanilang pagkaunawa sa bawat katanungan na binabasa ng mga nasa frustration. Ang pagmamadali sa binasa ng mga bata ay marahil naiintindihan nila ang kanilang binabasa kaya ito ay mabilis lang natapos ang pagbabasa. Ang resulta na ito ay sinasang-ayunan mula sa artikulo ni Lastiri (2022). Ayon kay Lastiri ang kakayahang magbasa nang may kabilisan ay isang kasanayan na nagbibigay daan upang makapagbasa nang higit pang mga teksto nang may pag-unawa sa loob ng maikling oras. Ang teknik na ito ay nagtuturo sa mag-aaral na nasa katamtamang antas na pataasin ang bilang ng nababasang teksto habang pinapanatili ang antas ng pag-unawa.

Sa kabuoan, ang mga nasa frustration ay nagsasabi na ang oras na inilaan sa pagsusulit bilang salik na nakaapekto sa pag-unawa ay may katamtamang epekto bilang kasanayan at kakayahan sa proseso ng pag-unawa sa pagbasa.

### Talahanayan 3 : Pagkilala sa mga Salita bilang Salik sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Frustrated Readers

Pahayag	Mean	Paglalarawan
May mga salitang hindi naiintindihan ang kahulugan	2.76	Katamtamang Nakaapekto
Binabasa nang paulit-ulit ang teksto upang maintindihan ang kahulugan	2.90	Katamtamang Nakaapekto
May mga salitang ngayon lamang nabasa at natunghayan	2.52	Katamtamang Nakaapekto
Paulit-ulit binasa ang teksto upang maunawaan ang mga salitang hindi pamilyar	3.09	Katamtamang Nakaapekto
Narinig at nababasa ang mga salita kaya pamilyar na ito	2.57	Katamtamang Nakaapekto
<b>GRAND MEAN</b>	2.77	<b>Katamtamang Nakaapekto</b>

**Legend:** 1.00-1.75=Hindi Nakaapekto; 1.76-2.50=Hindi Gaanong Nakaapekto; 2.51-3.25= Katamtamang Nakaapekto; 3.26-4.00=Lubhang Nakaapekto

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng resulta kaugnay sa pagkilala sa mga salita bilang salik sa pag-unawa sa pagbabasa ng mga frustrated readers. Natunghayan sa grand total na may *meanscore* na 2.77 at lumilitaw na “katamtamang nakaapekto” ang pagkilala sa mga salita bilang salik sa pag-unawa sa pagbasa ng mga nasa frustration. Ito ay nangangahulugan na ang mga frustrated readers ay nangangailangan ng sapat na pagkilala sa mga salita upang maintindihan ang kanilang binabasa.

Sa pahayag na “paulit-ulit binasa ang teksto upang maunawaan ang mga salitang hindi pamilyar” kung saan makikita na ito ay nakakuha ng mataas na mean score na 3.09 at lumabas na “katamtamang nakaapekto”. Ito ay nangangahulugan na may epekto ang paulit-ulit na pagbabasa sa teksto ay may mabuting epekto sa mga mambabasa upang maintindihan nang lubusan ang mga salitang hindi pamilyar habang nagbabasa. Ayon kay Shanahan (2017) ang mambabasa ay makapag-decode ng mga salita kahit hindi ito iniisip na sila’y nagdedecode dahil sa paulit-ulit na pagbabasa ng teksto. Ito rin ay sinuportahan sa pag-aaral nina LaBerge at Samuels (1974) na ang pagbabasa ng paulit-ulit ay agarang nalilintang ang pag-decode ng mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa.

Kaugnay nito ang pahayag na “may mga salitang ngayon lamang nabasa at natunghayan” ay nakakuha ng mababang mean score na nasa 2.52 at lumalabas na ito ay “katamtamang nakaapekto”. Ito ay nangangahulugan na may epekto ang mga bagong salita na ngayon lamang nila nabasa at natunghayan. Ito ay naging dahilan kaya’t hindi gaanong naunawaan ng mag-aaral ang kanilang binabasa. Lumabas din sa pag-aaral ni Quintino at



Abagon (2023) kung may kasanayan ang mga mag-aaral sa pagkilala ng salita ito ay mas madali nilang mapagtanto ang mga kahulugan na nakapaloob sa tekstong kanilang binabasa at ito nama'y sinusupportahan ni Soalt (2005) kung saan ayon sa kanya ang talasalitaan ay isang karanasan na nakaapekto sa pag-unawa. Sinang-ayunan din kay Pardo (2004) kung maraming salita ang hindi alam ng mambabasa, sila ay matatagalan sa pag-unawa mula sa mga salitang di pamilyar at bago sa mga mambabasa.

Sa kabuoan, ang mga nasa frustration ay masasabing may katamtamang epekto ang mga salitang di pamilyar o salitang bago lamang nila natunghayan o napakinggan sa pag-unawa ng binabasa.

#### Talahanayan 4 : Pisikal na Paligid bilang Salik sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Frustrated Readers

Pahayag	Mean	Paglalarawan
Maaliwalas at tahimik ang loob at labas ng silid habang kinukuha ang pagtatasa	3.23	Katamtamang Nakaapekto
Komportable ang pakiramdam kung saan nakaupo habang sinasagutan ang pagtatasa	2.80	Katamtamang Nakaapekto
Malinis at hindi makalat ang paligid sa loob ng klase	2.76	Katamtamang Nakaapekto
May sapat na bentilasyon ang silid-aralan	2.80	Katamtamang Nakaapekto
Maninit sa loob ng silid habang sinasagutan ang pagtatasa	2.85	Katamtamang Nakaapekto
<b>GRAND MEAN</b>	2.89	<b>Katamtamang Nakaapekto</b>

**Legend:** 1.00-1.75=Hindi Nakaapekto; 1.76-2.50=Hindi Gaanong Nakaapekto; 2.51-3.25= Katamtamang Nakaapekto; 3.26-4.00=Lubhang Nakaapekto

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng resulta kaugnay sa pisikal na paligid bilang salik sa pag-unawa sa pagbabasa ng mga frustrated readers. Natunghayan sa *grand total* na may *meanscore* na 2.89 at ito ay lumilitaw na “katamtamang nakaapekto” ang pisikal na paligid bilang salik sa pag-unawa sa pagbasa ng mga frustrated readers. Ito ay nangangahulugan na ang mga frustrated readers ay nangangailangan ng kaaya-ayang paligid upang maunawaan nila nang mabuti ang kanilang binabasa.

Sa pahayag na “maaliwalas at tahimik ang loob at labas ng silid habang kinukuha ang pagtatasa” kung saan makikita na ito ay nakakuha ng mataas na mean score na 3.23 at lumabas na ito ay “katamtamang nakaapekto”. Ito ay nangunguluhugan na may epekto ang maaliwalas at tahimik na kapaligiran habang kinukuha ang pagtatasa sa pag-unawa ng binabasa ng mga frustrated readers. Ang kaaya-ayang lugar tulad ng maaliwalas at tahimik na paligid habang sinasagutan ang pagtatasa ay nakaapekto sa pag-unawa ng binabasa. Sa kadahilanang ito, ang administrasyon ng paaralan ay nasusunod an pagpapatupad ng pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa paligid ng paaralan upang maging maayos at epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Bunga nito ay malimit na pinapaalalahanan ang mga guro at mag-aaral napalagiang maglinis ng palikuran, kapaligiran at higit sa lahat ang silid-aralan. Batay sa resulta sa talahanayan 4, ito ay sinasang-ayunan sa pag-aaral ni Ihekoronye (2020) kung saan lumalabas sa kaniyang pag-aaral na ang silid na kaaya-aya ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mag-aaral sa pagbasa.

Kaugnay nito ang pahayag na “malinis at hindi makalat ang paligid sa loob ng klase” ay nakakuha ng mababa na mean score na 2.76 at lumalabas na ito ay “katamtamang nakakaapekto”. Ito ay nangunguhulugan na may epekto ang malinis na kapaligiran sa mga nasa frustration. Ito ay naging dahilan upang higit maunawaan ng mag-aaral ang binabasa kung ang lugar na kung saan isinasagawa ang pagtatasa ay malinis at hindi makalat. Gayunpaman, malaki ang naitutulong ng pagkakaroon ng COT ( Class Room Observational Tool) bilang feedback sa mga guro upang higit malinang at mananatili ang magandang gawi at kasanayan sa kaayusan ng paligid sa loob ng klase. Nabanggit sa pag-aaral ni Nathaniel (2014) binigyan niya ng pagpapakahulugan na ang kapaligiran ng paaralan ay ang pinagsamang sosyal at pisikal na katangian na bubuo ng isang karanasan. Kabilang dito ang pamamahala sa alituntunin ng paaralan maging sa paglapat ng espasyo, at pagpapanatili ng kaayusan sa mga kagamitang nasa silid-aralan.

Sa kabuoan, may katamtamang epekto ang pisikal na paligid sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa binabasa. Lalilining ang kasanayan at kakayahan sa pag-unawa ng binabasa kung maayos at malinis ang paligid.

**Talahanayan 5 : Interes sa Pagbabasa bilang Salik sa Pag-unawa sa Pagbabasa  
ng mga Frustrated Readers**

Pahayag	Mean	Paglalarawan
Nasisiyahan ako habang nagbabasa at sinasagutan ang pagtatasa	3.09	Katamtamang Nakaapekto
Kawili-wiling basahin ang teksto at sagutin ang pagtatasa	2.52	Katamtamang Nakaapekto
Nahihirapang maunawaan ang mga tanong	2.71	Katamtamang Nakaapekto
Nahihirapang pumili ng tamang sagot batay sa mga pagpipilian	2.71	Katamtamang Nakaapekto
Naiintidihan ang nilalaman ng teksto dahil simple lamang ang mga ginamit na mga salita at nasagot nang tama ang katanungan	2.66	Katamtamang Nakaapekto
<b>GRAND MEAN</b>	2.74	<b>Katamtamang Nakaapekto</b>

**Legend:** 1.00-1.75=Hindi Nakaapekto; 1.76-2.50=Hindi Gaano Nakaapekto; 2.51-3.25= Katamtamang Nakaapekto; 3.26-4.00=Lubhang Nakaapekto

Ang talahanayan 5 ay nagpapakita ng resulta kaugnay sa interes sa pagbasa bilang salik sa pag-unawa ng mga frustrated readers. Natutunghayan sa grand total na may *meanscore* na 2.74 at ito ay lumilitaw na may “katamtamang nakaapekto” ang interes sa pagbasa ng mga frustrated reader sa pag-unawa sa kanilang babasahin. Ito ay nangangahulugan na ang mga teksto na babasahin ng mga frustrated readers ay nasa kanilang interes upang ito ay maunawaan nang mabuti.

Sa pahayag na “nasisiyahan ako habang nagbabasa at sinasagutan ang pagtatasa” kung saan makikita na ito ay nakakuha ng mataas na mean score na 3.09 at lumabas na ito ay “katamtamang nakaapekto”. Ito ay nangunguluhugan na may epekto ang interes sa pag-unawa ng binabasa habang kinukuha ang pagtatasa ng mga nasa frustration. Bunga ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa kaniyang pagtuturo tulad ng estratehiyang “dugtungan” kung saan ay lahat ng mga mag-aaral ay mabibigyan ng pagkakataon na dugtungan ang binabasa at maihahada ang kaniyang sarili sa gawain. Ang ganitong uri ng estratehiya sa pagbabasa ay mayroong naidudulot na positibo sa mga mag-aaral sapagkat nalilintang ang kasanayan ng mga mag-aaral na mag-isip at umunawa. Kaugnay nito, may kalayaan ang mga mag-aaral na matutong kumuha at pumili ng mga salita o pahayag na aakma sa naunang mga pahayag upang maging kawili-wili ang pagbasa ng may pag-unawa ng mga mag-aaral isa itong halimbawa upang makuha ang interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng interaktibong gawain. Ayon kina Whitten, Labby at Sullivan (2016) ang mga mag-aaral na nasisiyahan sa pagbabasa ay mayroong mas mataas na resulta sa pagtatasa. Inilahad sa kanilang pag-aaral na nalilintang ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral at mas lalong napapataas ang kasanayan sa pag-unawa ng binabasa kung saan malaki ang naitutulong nito sa mga asignatura.

Kaugnay nito ang pahayag na “kawili-wiling basahin ang teksto at sagutin ang pagtatasa” ay nakakuha ng mababa na mean score na 2.52 at lumalabas na ito ay “katamtamang nakaapekto”. Ito ay nangunguluhugan na may epekto ang pag-unawa ng mambabasa sa teksto na kaniyang binabasa kung saan ito ay kawili-wiling basahin sa kadahilangang nasasagot ng tama ang mga katanungang nakapaloob sa pagtatasa dahil ito’y nasa interes ng mga frustration readers. Pinili ang teksto bilang materyal na ginagamit sa pagtatasa. Una, ang mga salitang nakapaloob ay hindi mahirap unawain at naiugnay sa tunay na karanasan ng mga mag-aaral ang mismong paksang napili. Pangalawa, hindi gaanong mahaba ang tekstong ginagamit at ito’y binubuo lamang ng 209 na salita na naging sanhi upang mapanatili ang interes ng mambabasa. Panghuli, ang mismong katanungan mula sa teksto ay mayroong palatandaan ng mga antas ng tanong (literal, hinuha, at pagsusuri) isa sa mga paksa ng teksto ay pinamagatang “Puno ng Buhay” kung saan ay tumutukoy sa puno ng niyog na itinuring din na pinagkukunan ng hanapbuhay ng mga tao. Bunga nito ay maiugnay mismo ng mga bata ang mismong tema ng paksa. Ang interes sa pagbabasa ay pangunahing batayan na kailangang maisakatuparan ang pagbasa at pag-aanalisa. Ang kawilihan sa pagbasa ay batayan ng sariling motibasyon sa mga gawain ng pagbasa nakakaimpluwensya ng pagkakaroon ng kawilihan sa pagbabasa at pag-unawa ng binabasa (Putri Maharani, Putu Arsana at Putu Dian Sawitri, 2015).

Sa kabuoan, ang mga nasa frustration ay nasasabing na ang kawilihan sa pagbabasa ay nagsisilbing panguhaning batayan sa pag-unawa ng binabasa ng mga mag-aaral. Kailangang makuha ang interes upang ang pagbabasa ay may pag-unawa ay kasiya-siya at makabuluhan.

**Talahanayan 6 : Kabuuang Salik sa Pag-unawa sa Pagbabasa  
ng mga Frustrated Readers**

Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagbabasa	Mean	Paglalarawan
Oras na Inilaan sa Pagbabasa	2.82	Katamtamang Nakaapekto

Pagkilala sa mga Salita	2.77	Katamtamang Nakaapekto
Pisikal na Paligid	2.89	Katamtamang Nakaapekto
Interes sa Pagbabasa	2.66	Katamtamang Nakaapekto
<b>GRAND MEAN</b>	2.80	<b>Katamtamang Nakaapekto</b>

**Legend:** 1.00-1.75=Hindi Nakaapekto; 1.76-2.50=Hindi Gaanong Nakaapekto; 2.51-3.25=Katamtamang Nakaapekto; 3.26-4.00=Lubhang Nakaapekto

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita ng resulta kaugnay sa kabuuang salik sa pag-unawa sa pagbabasa ng mga frustrated readers. Natunghayan sa grand mean na may *meanscore* na 2.80 at lumilitaw na may “katamtamang nakaapekto” ang oras na inilaan sa pagbabasa, pagkilala sa mga salita, pisikal na paligid at interes sa pagbabasa bilang salik sa pag-unawa sa pagbabasa ng mga frustrated readers. Ito ay Nangangahulugan na ang mga nabangagit na salik ay nakaapekto sa pag-unawa sa pagbabasa ng mga frustrated readers.

Ang “Pisikal na paligid” ay nakakuha ng mataas na mean score na 2.89 at lumabas na ito ay may “katamtamang nakaapekto”. Ito ay nangunguluhugan na may epekto ang pisikal na paligid sa pag-unawa ng binabasa ng mga *frustrated readers*. Ang kaaya-ayang lugar tulad ng maaliwalas at tahimik na kapaligiran habang kumukuha ng pagtatasa ay may epekto sa pag-unawa ng babasahin. Kaugnay nito, ginaganap ang In Service Training (INSET) taon-taon bago ang pasukan upang mabigyan ng konkretong hakbang at solusyon sa paglutas ng mga suliranin gaya ng pagpapanatili ng kaayusan ng paligid sa paaralan. Ang mga guro at iba pang kasapi ng paaralan higit sa lahat ng silid-aralan. Maging ang mga *stakeholders* ay nakiisa at nagbigay ng suporta upang maging epektibo ang pagpapatupad ng alituntunin sa paaralan. Ang pagpapanatili sa kaayusan ng kapaligiran ng paaralan ay nakababawas ng panganib sa pagkakaroon ng mga sakit, pagliban ng klase at napapaunlad ang akademikong perormans (Competitive Choice, Inc., 2023).

Kaugnay nito ang “Interes sa pagbabasa” ay nakakuha ng mababa na mean score na 2.66 at lumalabas na ito ay “katamtamang nakakaapekto”. Ito ay nangunguluhugan na may maliit na epekto ang interes ng mga frustration readers sa kanilang binabasa. Sa kadahilanang ito, ang interes ng mambabasa ay kinakailangan ikonsidera upang mas maunawaan nila ang kanilang binabasa. Ang pagkakaroon ng Post-Conference/Consultation ng mga guro sa kapwa guro ay isang epektibong hakbang upang malinang ang kahusayan at pagdisenyo ng estratehiyang aakma sa interes ng mga mag-aaral lalo na sa pagtuturo ng teksto nang may pag-unawa. Isa sa mga estratehiyang epektibong gawin ay ang pagbigay ng gabay na tanong bago ipabasa ang isang teksto, sa ganitong paraan sila’y may tanong na sasagutan matapos basahin ang teksto, at magkaroon ng malayang interaksyon. Ayon kay Foster (2013) ang post-conference ay isang mabuting kagawian upang malaman ang interes ng mga mag-aaral at malaman ng guro ang paksang kaniyang ituturo kung saan ay natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pinagsama-samang kaalaman at mailapat ang mabisang estratehiya upang lalong tumaas ang kawilihan sa pagbabasa ng mga mag-aaral at mahikayat ang mga guro na pagnilayan ang mga kasanayan o kagawian sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagtuturo.

Sa kabuoan, ang mga nasa frustration ay apektado sa lahat ng mga salik na nabanggit sa itaas. Bagkus, ang mga salik na ito ay mahalagang tutukan upang maging epektibo at makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

### Problem 3. Mayroon bang makabuluhang epekto ng mga salik tungo sa Pag-unawa sa pagbabasa ng mga frustrated readers?

#### Talahanayan 7 : Makabuluhang Epekto ng mga Salik tungo sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Frustrated Readers

Predictors	r-value	R <sup>2</sup>	Unst.Coff Beta	p-Value	Pasya
Constant (OIP)	0.633	0.401	2.945	0.000	Significant
OIP_LIT			0.037	0.721	Not Significant
OIP_HIN			-0.257	0.037	Significant
OIP_PAG			0.242	0.157	Not Significant
CONSTANT (PS)	0.520	0.271	3.048	0.000	Significant
PS_LIT			-0.109	0.211	Not Significant
PS_HIN			-0.062	0.512	Not Significant
PS_PAG			0.174	0.213	Not Significant
CONSTANT (PP)	0.572	0.327	2.949	0.000	Significant
PP_LIT			-0.019	0.848	Not Significant

PP_HIN			-0.131	0.246	Not Significant
PP_PAG			0.298	0.075	Not Significant
CONSTANT (IP)			2.496	0.000	Significant
IP_LIT	0.594	0.353	-0.014	0.896	Not Significant
IP_HIN			0.005	0.965	Not Significant
IP_PAG			0.447	0.016	Significant

**Legend:**

OIP\_LIT = Oras na Inilaan sa Pagbabasa at Literal na Pag-unawa

OIP\_HIN = Oras na Inilaan sa Pagbabasa at hinuha na Pag-unawa

OIP\_PAG = Oras na Inilaan sa Pagbabasa at Pagsusuri na Pag-unawa

PS\_LIT = Pagkilala sa mga Salita at Literal na Pag-unawa

PS\_HIN = Pagkilala sa mga Salita at hinuha na Pag-unawa

PS\_PAG = Pagkilala sa mga Salita at Pagsusuri na Pag-unawa

PP\_LIT = Pisikal na Paligid at Literal na Pag-unawa

PP\_HIN = Pisikal na Paligid at hinuha na Pag-unawa

PP\_PAG = Pisikal na Paligid at Pagsusuri na Pag-unawa

IP\_LIT = Interes sa Pagbabasa at Literal na Pag-unawa

IP\_HIN = Interes sa Pagbabasa at hinuha na Pag-unawa

IP\_PAG = Interes sa Pagbabasa at Pagsusuri na Pag-unawa

Inilalahad sa talahanayan 7 ang resulta sa pagtaya ng mga makabuluhang salik tungo sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Natamo nito na ang oras na inilaan sa pagbabasa ay mayroong makabuluhang epekto sa hinuha at kawilihan sa pagbabasa tungo bahagi ng pagsusuri. Gayunman, ang iba pang salik ay walang ugnayang makabubuluhan tungo sa iba pang *predictors*.

**A. Oras na Inilaan sa Pagbabasa tungo sa Paghihinuha**

Batay sa inilalahad na talahanayan, sa pagtaya ng makabuluhang epekto ng oras na inilaan sa pagbabasa tungo sa paghinuha bilang bahagi ng antas sa pag-unawa ng binabasa ng mga nasa frustration, ito nakakuha ng *probability value* na 0.037 kung saan ay mas mababa sa inaasahang *alpha level* na 0.05. Nangunguhulugan na ang null hypothesis ng “walang makabuluhang epekto ng oras na inilaan sa pagbabasa tungo sa paghinuha bilang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga nasa frustration” ay ituturing na hindi tanggap.

Sinusuportahan din ito ng *r-value* na 0.633 kung saan ito ay nabibilang sa pagitan ng “*moderately correlated*”. Ito ay nangangahulugan na ang oras na inilaan sa pagbabasa bilang makabuluhang salik na nakaaapekto sa pagbasa ng may-unawa ng mga mambabasa na mayroong *p-value* na 40.10% batay sa  $r^2$  of 0.401. Bukod dito, ito rin ay nakakuha ng *unstandardized coefficient beta* na -0.257 maaaring ang kahulugan nito ang “*inverse proportional relationship*” sa pagitan ng dalawang natayang baryabol. Ibig-sabihin na ang oras na inilaan sa pagbabasa ng mga mag-aaral ay negatibong epekto sa kakayahang magbasa ng may pag-unawa ng mga mambabasa sa na may 40.10% probability.

Ipinapahiwatig nito na ang mga nasa frustration ay nalilimitahan ang kanilang oportunidad at kakayahan na mapaunlad ang kanilang pag-unawa sa pagbasa na resulta ng “oras na inilaan sa pagbasa”. Bunga nito ang “minamadali ang pagsagot sa bawat katanungan” batay sa karanasan ng mga mag-aaral kaya maikling oras na lamang ang nailalan sa pagbasa, pag-analisa at pag-unawa sa binabasa dahil mayroon lamang itong nakalaang oras.

Batay sa inilalahad, ang resulta ay negatibong naapektuhan sa pagbasa, sa dahilang ito, limitado ang oras na inihanda ng guro sa mga gawain na may kaugnayan sa pagbasa at dagdag pa ang mga iba pang tungkulin at proyekto na kailangan maisakatuparan sa maikling oras. Panghuli, ang mga guro ay hindi sapat ang paghahanda sa pagsagawa ng mga gawain na may kinalaman sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa.

Batay sa sanhi ng mga salik na ito, ang Department of Education (2024) ay sumusuporta ang administrasyon ng paaralan ay kailangan nagbibigay ng konsiderasyon sa mga guro sa paghahanda ng oras, paglaan at *schedule* sa pagsagawa ng mga gawaing may kaugnayan sa pagbasa batay sa kahandaan ng mga mag-aaral.

$$SNP_{OIP} = 2.945_C + (-0.257_{HIN})$$

Mulasa salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa pagbabasa na may kinalaman sa oras na inilaan sa pagbabasa ay kabuuang resulta ng *unstandardized coefficient beta in constant* at antas sa pag-unawa sa pagbabasa na may kinalaman sa paghinuha. Pinapatunayan nito kapag gipit sa oras ang mag-aaral na tapusin ang pagtatasa ng pagbasa, bumababa ang kanilang kakayahan na mahinuha ang konteksto ng binabasa.

Kaya, ang oras na inilalaan sa pagbabasa ay mayroong makabuluhang epekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

### B. Interes sa Pagbabasa tungo sa Pagsusuri

Batay sa inilalahad na talahanayan, sa pagtaya ng makabuluhang epekto ng interes sa pagbabasa tungo sa pagsusuri bilang bahagi ng antas sa pag-unawa ng binabasa ng mga nasa frustration, ito nakakuha ng *probability value* na 0.016 na mas mababa sa inaasahang *alpha level* na 0.05. Nangunguhulugan na ang null hypothesis ng “walang makabuluhang epekto ang interes sa pagbabasa tungo sa pagsusuri bilang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga nasa frustration” ay ituturing na hindi tanggap.

Sinusupportahan din ito ng *r-value* na 0.594 kung saan ito ay nabibilang sa pagitan ng “*moderately correlated*”. Ito ay nangangahulugan na ang interes sa pagbasa bilang makabuluhang salik na nakaapekto sa pag-unawa ng binabasa na mayroong *p-value* na 35.30% batay sa  $r^2$  of 0.353. Bukod dito, ito rin ay nakakuha ng *unstandardized coefficient beta* na 0.447 na maaaring nangangahulugan bilang “*direct proportional relationship*” sa pagitan ng dalawang natayang baryabol. Ibig-sabihin na ang interes sa pagbabasa ng mga mag-aaral ay mayroong positibong epekto sa kakayahang magbasa ng may pag-unawa ng mga mambabasa na nasa 35.30% *probability*.

Ipinapahiwatig nitong napapalawak ang kanilang opotunidad at malinang ang kanilang kakayahan sa pagbabasa ng may pag-unawa dulot ng interes sa pagbasa. Sa kadahilanang nito ay “Nasisiyahan ako habang nagbabasa at sinasagutan ang pagtatasa” batay sa karanasan ng mga mag-aaral kaya magkaroon ng malawak na uri ng babasahin na pasok sa interes ng mga mambabasa.

Batay sa inilalahad, lumilitaw na mayroong positibong epekto sa pagbasa ang pagkakaroon ng interes, ito’y dulot ng mga tekstong saklaw sa kawilihan ng mga mambabasa kung saan naiugnay ng mga mambabasa ang kanilang sarili sa ilang pangayayari mula sa kanilang binabasa na nagdudulot ng kasiya-siya at kawili-wili sa pagbabasa. Panghuli, ang ilang mga guro ay pinipili ang mga sipi ng teksto na tutugon at tutuhog sa interes ng mga mag-aaral upang mapanatili ang kasiyahan at kaganahan sa pagbabasa. Nakatutulong ito upang maunawan ang binabasa at malaman ang tamang sagot batay sa mga ibinigay na gabay na katanungan na naging dahilan sa pagkakaroon ng positibong resulta.

Batay sa salik at mga sanhi nito, ay sinusupportahan ng pag-aaral nina Greasser, Haberlandt, at Koizumi (2013) na nakahihinuha ang mga mag-aaral habang nagbabasa at mula sa paghinuha ay nakalikom ng mga patunay batay sa mga naprosesong pag-aanalisa (Kurland,2000). Ang mga mag-aaral na walang kawilihan sa pagbabasa ay matatagalan sa pagbuo ng hinuha sapagkat mayroon lamang silang bahagyang kaalaman,kaya nangangailangan ng mahabang oras sa pagbabasa. Samantala ang mga mag-aaral na kakitaan ng kawilihan sa pagbabasa ay makabubuo ng mga pangungusap na bubuo rin ng mga paghinuha na madaling maunawaan sapagkat mayroong silang nakaimbak na kaalaman at nangangailangan lamang ng maikling oras.

$$SNP_{IP} = 2.496_C + (0.447_{PAG})$$

Mulasa salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa pagbabasa na may kinalaman sa interes sa pagbabasa ay may kabuuang resulta ng *unstandardized coefficient beta in constant* at antas sa pag-unawa sa pagbabasa na may kinalaman sa pagsusuri. Pinapatunayan nito kapag ang mag-aaral ay mayroong interes sa kanilang binabasa ay tataas rin ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa konteksto ng binabasa.

Kaya, ang interes sa pagbasa ay mayroong makabuluhang epekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

### Problem 4. Ano ang mga suliraning na nagsilbing balakid sa pag-unawa sa pagbabasa ng mga frustrated readers?

**Table 8 : Mga Suliraning na nagsisilbing balakid sa pag-unawa sa pagbasa ng mga frustrated readers**

Mga Suliranin	Frequency	Percentage
Palagiang lumiliban sa klase	6	29
Walang kakayahan ang magulang na gabayan sa pagtuturo ang mga anak sa pagbabasa	5	23
Pagkakaroon ng trabaho sa murang edad at iba pang responsibilidad sa bahay	4	19
Labis ang inilaang oras sa paggamit ng telepono	6	29
<b>TOTAL</b>	21	100

Ang talahanayan 8 ay nagpapakita ng resulta kaugnay sa mga suliraning nagsisilbing balakid sa pag-unawa sa pagbasa ng mga frustrated readers. Natunghayan sa talahanayan 8 na ang salitang “palagiang lumiliban sa klase” at “labis ang inilaang oras sa paggamit ng telepono” ay nakakuha magkaparehong *frequency* na 6 na may *percentage* na 29% kung saan ito ay may mataas na *frequency* mula sa iba pang balakid sa pag-unawa ng mga frustrated readers.

Ito'y kakikitaan na may epekto sa pag-unawa sa pagbasa, ang labis na paggamit ng telepono at palagiang pagliban sa klase kung saan ito ay sinasangayunan ng pag-aaral ni Blanca (2021) na nakaapekto sa kaalaman ng mag-aaral sa pag-unawa sa bokabularyong filipino. May mga salitang nagkarron ng pag-iiba ng baybayin o mga pinapaikli dulot ng paggamit ng telepono bilang bahagi na rin ng pakikipagtalastasan, halimbawa ng salitang ito na mula sa salitang "bakit" ay naging "b8" kung saan ay nagagamit ito ng mga mag-aaral at naging sanhi upang makalimutan ang wastong baybay ng isang salita. Ang palagiang pagliban sa klase ay nagbibigay ng malaking disadvantage sa mag-aaral kung saan sila ay may mababang perormans, at mababa ang kritikal na pag-iisip, (Lukman, 2021). Sa kadahilanang ito na ang mga mag-aaral na laging lumiliban sa klase ay nahihirapan sa pag-unawa sa kanilang binabasa at kadalasang nabibilang sa *risk of drop-outs*.

Nakikita rin sa talahanayan 8 na ang suliranin sa "pagkakaroon ng trabaho sa murang edad at iba pang responsibilidad sa bahay" nakakuha ng frequency na 4 na may percentage na 19% kung saan ito ay mababa. Ang pagkakaroon ng trabaho upang makatulong sa pamilya ay nagbibigay ng isang salik sa pagpapalinang ng kanilang pag-unawa sa pagbasa dahil sila ay nakatuon sa kanilang responsibilidad kaysa sa kanilang pag-aaral pagdating pa lang nila sa kani-kanilang tahanan. Ito ay sinasang-ayunan sa pag-aaral nina Lee, Kim at Rhee (2021) ang maagang pagkakaroon ng trabaho ng mga kabataan ay nalalabag ang kanilang karapatan sa pag-aaral at lumalabas din sa kanilang pag-aaral na ang mga bata na nasa edad 12 taong gulang pababa at 13 taong gulang pataas ay may mababang puntos sa pagbasa at matematika kung saan ito ay napatunayan na may negatibong epekto ang kanilang pagtatrabaho sa kanilang pag-aaral.

Kaya, ang ilang mga balakid tulad ng "palagiang pagliban sa klase" at "labis ang inilaang oras sa paggamit ng telepono" ay maituturing na iba pang salik na nakaapekto sa pag-unawa ng pagbasa ng mga nasa *frustration*.

### Konklusyon

Matapos isagawa ang komprehensibong pagwawasto ng mga datos at ng sarbey na katanungan gamit ang *SPSS* bilang tool, ang mga baryabol bilang mga antas sa pag-unawa ng pagbabasa na mayroon mean percentage score na 31.73% ay nagpapakita na kailangan pang pagbutihin ng mga mag-aaral ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng literal, paghinuha, at pagsusuri na mga tanong. Lumalabas sa pag-aaral na walang sapat na kasanayan at kakayahan ang mga mag-aaral unawain ang binabasa sa anumang antas ng pag-unawa. Karagdang konklusyon, mayroong iba pang mga sanhi na nakaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral gaya ng oras, 'di pamilyar na mga salita, interes sa pagbabasa at pisikal na paligid resulta na mayroong *grand mean* na 2.80. Ipinapahiwatig sa resultang ito na katamtamang nakaapekto ang mga salik na ito sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Panghuli, bukod sa mga nabanggit na mga salik sa itaas, mayroon pang ibang salik nakaapekto sa pag-unawa ng mga nasa *frustration* gaya ng: palagiang paliban sa klase, walang kakayahan ang mga magulang na gabayan sa pagtuturo ang mga anak sa pagbasa, pagkakaroon ng trabaho sa murang edad at iba pang responsibilidad sa bahay, at panghuli, labis ang inilaang oras sa paggamit ng telepono ng mga mag-aaral.

### Rekomendasyon

Batay sa nakitang resulta at interpretasyon ng datos, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang sumusunod:

1. Bilang mga guro, nararapat na tutukan ang sariling pagkatuto ng mga mag-aaral higit sa lahat sa pagbasa nang may pag-unawa. Makakatulong ang paghahanda ng estratehiyang tutuhog sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral upang maging kawili-wili at kasiya-siya ang pagtuturo ng pagbasa nang may pag-unawa.
2. Sumunod sa lahat ng mga gurong nagtuturo na hindi lamang guro sa wika, mainam kung bibigyan ng maikling oras ang mga mag-aaral sa pagbasa nang may kinalaman sa kanilang asignatura upang malinang ang kasanayang pagpapalawak sa bokabularyo ng mga mag-aaral.
3. Panghuli, sa administrasyon ng paaralan ay mainam na gawing gawa sa paaralan ang pagpapatili ng magandang kaayusan sa tulong at kooperasyon ng mga mag-aaral at mga guro.

### SANGGUNIAN

- [1]. Amadi, E., (2019). Bottom-Up Theory and Phonics Instructions: Implications for Beginning Reading. *European Journal of Applied Linguistics Studies*. Volume 1, No. 2. pp. 89-100. Retrieved from <https://oapub.org/lit/index.php/EJALS/article/view/102/132>
- [2]. Arvind, D., at Harshini, P., (2021). Reading as a hobby: An Inventive approach for bringing in pleasure for reading. *International Research Journal on Advanced Science Hub*. Volume 3, Issue 3. pp. 172-175 Retrieved from [https://www.researchgate.net/publication/350761618\\_Reading\\_as\\_a\\_hobby\\_An\\_Inventive\\_approach\\_for\\_bringing\\_in\\_pleasure\\_for\\_reading](https://www.researchgate.net/publication/350761618_Reading_as_a_hobby_An_Inventive_approach_for_bringing_in_pleasure_for_reading)
- [3]. Baler, R. (2018). Reading Comprehension and Reading Strategies. *University of Wisconsin-Stout*
- [4]. Birsch, J., (2011). Multisensory Teaching of Basic Language Skills, Thrid Edition. Baltimore, MD: *Paul H. Brookes Publishing Company*

- [5]. Blanca, G., (2021). Epekto ng Teknolohiya sa Pagkaunawa sa Bokabularyong Filipino ng mga Mag-aaral sa Baitang 7-Daisy sa Mataas na Pambansang Paaralan ng Alitagtag. *Instabrightgazette*. Volume 2 Issue III. Retrieved from <https://www.instabrightgazette.com/blog/epekto-ng-teknolohiya-sa-pagkaunawa-sa-bokabularyong-filipino-ng-mga>
- [6]. Block, C., (2004). *Teaching Comprehension: The Comprehension Approach*. Boston, MA: Pearson Education
- [7]. Bruner, J., (1966). *Constructivist Theory* (Jerome Bruner). Retrieved from <https://tinyurl.com/ybsbnw8g>
- [8]. Cabigao, J., (2014). Improving Pupils' Academic Performance Through Strengthened School-Home Partnership. *ResearchGate*. Retrieved from [https://www.researchgate.net/publication/337111225\\_Improving\\_Pupils'\\_Academic\\_Performance\\_Through\\_Strengthened\\_School-Home\\_Partnership](https://www.researchgate.net/publication/337111225_Improving_Pupils'_Academic_Performance_Through_Strengthened_School-Home_Partnership)
- [9]. Clark, M., at Karp, J., (1960). A Summer Remedial Program. *The Elementary School Journal*, 61(3), pp. 137-142
- [10]. Competitive Choice, Inc., (2023). Creative a Healthy and Conducive Learning Environment: The Importance of School Maintenance. *LinkedIn*. Retrieved from <https://www.linkedin.com/pulse/creating-healthy-conducive-learning-environment-importance#:~:text=Healthier%20Students%20and%20Staff%3A%20A,attendance%20and%20improved%20academic%20performance>.
- [11]. Condez, R. et al. (2017). Pagsubok sa Pagbasa: Mga Pagsasanay para sa Bilis sa Pagbasa, Pag-unawa at Pagpapaulad ng Wastong Pagpapahalaga . Serye para sa Unang Taong Hanggang sa Ikaapat na Taon ng Mataas na Paaralan. *Sta. Cruz, Manila: Saint Mary's Publishing Corp.*
- [12]. De Juan, G., (2013). Mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng filipino. Retrieved from <https://filipinotek.wordpress.com/2013/03/29/mga-suliranin-ng-mga-guro-sa-pagtuturo-ng-filipino/>.
- [13]. Department of Education. (2024). DepEd Order No. 005, s. 2024 - Nationalization of Teachers' Workload in Public Schools and Payment of Teaching Overload. pp. 4-7. Retrieved from [www.deped.gov.ph](http://www.deped.gov.ph)
- [14]. Flipo, R., (2014). *Assessing readers qualitative diagnosis and instruction*. 2nd Edition. Chapter 2. Retrieved from <http://www.reading.org/Libraries/books/assessing-readers--second-ed--chapter3.pdf>
- [15]. Foster, D., (2013). Post-Conference Strategies. *Leadership in Mathematics Education*. Retrieved from [www.mathedleadership.org](http://www.mathedleadership.org)
- [16]. Fosudo, S., (2015). Reading as a part to sucess. A lecture delivered at the College Library Day, Adeniran Ogunsanya College of Education, Otto/Ijanikin, Lagos.
- [17]. Graesser, A., Haberlandt, K., at Koizumi, D. (2013). How is reading time influenced by knowledge-based inference and world knowledge. Retrieved from [https://www.researchgate.net/publication/232427175\\_How\\_is\\_reading\\_time\\_influnced\\_by\\_knowledge-based\\_inferences\\_and\\_world\\_knowledge](https://www.researchgate.net/publication/232427175_How_is_reading_time_influnced_by_knowledge-based_inferences_and_world_knowledge)
- [18]. Haerazi, H., at Irawan, L., (2020). The effectiveness of Genre-Based Instructional Model in the Teaching of Writing Skills Viewed from Creativity. *A Journal of Culture English Language Teaching & Literature*. Volume 20, Article 1. Retrieved from <https://doi.org/10.24167/celt.v20i1.2091>
- [19]. Harmer, J., (2007). *The Practice of English Teaching*. New York: Longman
- [20]. Hermosa, N., (2002). *The psychology of reading*. Quezon City: University of the Philippines Open University
- [21]. Ihekoronye, E., (2020). Conducive School Environment: A Necessary Factor for Effective Teaching and Learning in Public Secondary Schools in Gwagwalada Area Council of Abuja. *BSUJEM*. Volume 2, Article 1.
- [22]. Juarez, N., (2014). Pagtataya sa kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng rubriks ng mga mag-aaral sa ikaapat na taon ng Paaralang sekundarya ng Lucban, taong panuruan 2010-2011. *Southern Luzon State University: Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon, Lucban, Quezon*.
- [23]. K-12 Curriculum Guide. (2016). K to 12 Gabay Pangkurikulum Mayo 2016. Retrieved from <https://tinyurl.com/y8ggp4lh>
- [24]. Koda, K., (2007). Reading and Language Learning: Cross Linguistic Constraints on Second Language Reading Development. In K. Koda (eds.), *Reading and Language Learning. Language Learning Supplement*. pp. 1-44
- [25]. Kroll, T., at Neri, M., (2009). Designs for Mixed Methods Research. *Mixed Methods Research for Nursing and the Health Sciences*. pp. 33-34
- [26]. Kurland, D., (2000). How the Language Really Works: The Fundamentals of Critical Reading and Effective Writing. Retrieved from [www.criticalreading.com](http://www.criticalreading.com)
- [27]. LaBerge, D., at Samuels, S., (1974). Towards a theory of automatic information processing in reading. *Cognitive Psychology*. Volume 6. Pp. 293-323. Retrieved from [doi:10.1016/0010-0285](https://doi.org/10.1016/0010-0285)

- [28]. Lastiri, L., (2022). How Does Speed Reading Affect Comprehension. Retrieved from <https://irisreading.com/how-does-speed-reading-affect-comprehension/>
- [29]. Lee, J., Kim, H., at Rhee, D., (2021). No harmless child labor: The effect of child labor on academic achievement in francophone Western and Central Africa. *International Journal of Educational Development*. Volume 80. Retrieved from <https://www.sciencedirect.com/science/article/abs/pii/S0738059320304673#:~:text=Child%20labor%20lowers%20reading%20and,under%2012%20and%20over%2013.>
- [30]. Lukman, A., (2021). Causes and Effects of Absenteeism among First Year College Students of the Mindanao State University – Sulu. *Scispace*. Volume 4, Iss:4. pp. 350-357 Retrieved from <https://typeset.io/papers/cause-and-effects-of-absenteeism-among-first-year-college-u07dzexh18>
- [31]. Meniado, J., (2016). Metacognitive Reading Strategies, Motivation, and Reading Comprehension Performance of Saudi EFL Students. *English Language Teaching*. Volume 9, No. 3. pp. 117-129. Retrieved from <http://dx.doi.org/10.5539/elt.v9n3p117>
- [32]. Mitchell, A.,(2013) Time Management on Standardized Test: Why It Is Important and How to Handle It. Retrieved from <http://aricmitchell.blogspot.com/>
- [33]. Mulyati, et al. (2007). *Keterampilan berbahasa SD*. Jakarta: Universitas Terbuka
- [34]. Nathaniel, K., (2014). Effective teaching: Principles and practice. *Port Harcourt: Para graphics*.
- [35]. Nedira, E., (2019). Students' Reading Inventory: Constructivist-based reading unit plan. *Master's Thesis, Cebu Normal University, Cebu City*.
- [36]. Notion, S., (2009). Teaching ESL/EFL reading and writing. *New York: Routledge*.
- [37]. Palma, J., at Tubo, T., (2019). Komprehensyon sa mga Piling Akdang Panitikan at Akademik Perormans ng mga Mag-aaral sa Filipino 7 ng Mahayag National High School, San Miguel, Bohol. *ACADEME University of Bohol, Graduate School and Professional Studies Journal Print ISSN 2362-9142*. Volume 15. Retrieved from <http://dx.doi.org/10.15631/aubgsps.v15il.142>
- [38]. Pardo, L., (2004). What Every Teacher Need to Know About Comprehension. *The Reading Teacher*. Volume 58, Article 3. Pp. 274
- [39]. Piaget, J., (1976). Theory of Cognitive Development. Retrieved from <https://tinyurl.com/yaxsrnat>
- [40]. Pressley, M., (2000). Comprehension Instruction: What Makes Sense Now, What Might Make Sense So. Retrieved from <https://www.readingonline.org/artiles/handbook/pressley/index.html2001>
- [41]. Putri Maharani, A., Putu Arsana, A., at Putu Dian Sawitri, N., (2015). Affinity Strategies and Authentic Reading Materials: An Effort to Improve Reading Comprehension. *Universitas Mahasaraswati Denpasar*.
- [42]. Quintino, H., at Abagon, B., (2023). Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Subic. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*. Volume 5, Issue 6. Pp. 463-472 Retrieved from [www.ajhssr.com](http://www.ajhssr.com)
- [43]. Rahmawati, E., (2018). Analysis of Students' English Reading Comprehension through KWL (Know-Want-Learn) Learning Strategies. *International Journal of Language and Education*. Volume 2, Article 3. pp. 238-247. Retrieved from <https://doi.org/10.22437/ijolte.v2i3.5641>.
- [44]. Razak, A., (2009). Membaca pemahaman teori dan aplikasi pengajaran. Retrieved from [Autobiografi](http://Autobiografi)
- [45]. Reutzel, D., at Cooter, R., (2005). The Essentials of Teaching Children to Read: What Every Teacher Should Know!. *Teacher Education and Leadership Faculty Publications*. Retrieved from [https://digitalcommons.usu.edu/teal\\_facpub/469/](https://digitalcommons.usu.edu/teal_facpub/469/)
- [46]. Rumelhart, D., at McClelland, J., (1981). An interactive activation model of context effects in letter perception: I. An Account of basic findings. *Psychological Review*, 88(5). pp. 375-407. Retrieved from <https://doi.org/10.1037/0033-295X.88.5.375>
- [47]. Rutledge, S., (1998). Informal Reading Inventory. Retrieved from <https://irs.ed.uiuc.edu/students/srutledg/iri.html>
- [48]. Saavedra, A.D. (2020). Chavacano as a medium of instruction: its implications for the reading levels of english in elementary school pupils. *International Journal of Innovation, Creativity and Change 10 (10)*
- [49]. Saavedra, A. D. &Karanain, F.A. (2022). learners' beliefs and use of chavacano as medium of instruction. *Journal of Language and Linguistics 10 (1)*, 40-46
- [50]. Sanchez, M., (2017). Pagbasang May Pag-unawa o Reading Comprehension. Retrieved from <https://goo.gl/46mYSV>
- [51]. School, (2017). Layuning ng Paaralan. Retrieved from <https://goo.gl/rnWNvK>
- [52]. Shanahan, T., (2017). Everything You Wanted to Know about Repeated Reading. Retrieved from [https://www.readingrockets.org/blogs/shanhan-on-literacy/everything-you-wanted-know-about-repeated-reading?\\_cf\\_chl\\_tk=8Uzlt0RpeKGduKOYR6lt0Mkd8qLEK2rbAwuBHTIsM-1717916613-0.0.1.1-3754](https://www.readingrockets.org/blogs/shanhan-on-literacy/everything-you-wanted-know-about-repeated-reading?_cf_chl_tk=8Uzlt0RpeKGduKOYR6lt0Mkd8qLEK2rbAwuBHTIsM-1717916613-0.0.1.1-3754)



- [53]. Soalt, J., (2005). Bringing Together Fictional and Informational Texts to Improve Comprehension. *The Reading Teacher* 58. Volume 7. pp. 680-681
- [54]. Tam, N., (2014). Reduction of Student's Exam Grade Performance When Spending More Time in an Exam. *British Journal of Education, Society & Behavioural Science*. Volume 4, Article 8. Pp. 1125-1139
- [55]. Tompkins, G., (2011). Literacy in the early grades: A successful start for Prek-4 Readers (3rd Ed.) Boston: Pearson
- [56]. Trehearne, M., at Doctorow, R., (2005). Reading comprehension: strategies that wok. *Comprehensive Literacy Resource: Grade 3-6 (Chapter 2)*. Retrieved from [https://www.hand2mind.com/pdf/miriam/ch2\\_clr3\\_6.pdf](https://www.hand2mind.com/pdf/miriam/ch2_clr3_6.pdf)
- [57]. Valentine, J., (2000). Kahulugan ng Pagbasa. Retrieved from <https://www.slideshare.net/slideshow/pagbasa-29006336/29006336>
- [58]. Vygotsky, L., (1934). Zone of Proximal Development.
- [59]. Weaver, B., (2014). Formal vs Informal Assessments. Retrieved from <https://lrs.ed.uiuc.edu/students/srutledg/iri.html>
- [60]. Whitten, C., Labby, S., at Sullivan, S. (2016). The impact of Pleasure Reading on Academic Success. *The Journal of Multidisciplinary Graduate Research*, Volume 2, Article 4, pp. 48-64
- [61]. Wibowo, Y., Syafrizal., at Syafryadin., (2020). An analysis of English teachers strategies in teaching reading comprehension. *Journal of Applied Linguistics and Literacy (JALL)*. Volume 4, Article 1. Pp. 20-27